Aljohn E. Cueva
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas - Paaralang Graduwado
aljohncueva8@gmail.com

# Bata, Bata, Bakit Ka Gumagawa? Pagkilatis sa Usapin ng Child Labor sa Maikling Kuwentong *Impeng Negro* Tungo sa Pagsusulong at Pagpapaigting ng mga Karapatang Pambata

**ABSTRAK**

Talakay ng pag-aaral na ito ang kritikal na pagkilatis sa maikling kuwentong *Impeng Negro* na tumatalakay at/o nagtatampok sa/ng masalimuot na usapin ng child labor sa ating bansa. Gamit ang teoryang Childism ni Elisabeth Young-Bruehl bilang salalayan at ang hulwarang Teksto–Interteksto–Konteksto ni Torres-Yu sa panunuring pampanitikan, nilalayon ng pag-aaral na ilantad ang iba't ibang anyo, sanhi, at epekto ng child labor sa pamamagitan ng pagdalumat sa naging danas ng batang tauhan sa napiling maikling kuwento at pag-uugnay nito sa iba't ibang pangyayaring panlipunan. Sa pagbasa rin sa piling maikling kuwento, tutuklasin at palalalimin ang naratibo ng batang manggagawa bilang pangunahing biktima ng child labor. Nang sa gayon, mabigyan ng kamalayan ang sino mang babasa ng pag-aaral na ito ng iba't ibang punto de bista hinggil sa usapin ng child labor. Sa kabuuan, pinatutunayan ng papel na ito na ang ganitong uri ng panunuring pampanitikan na sinusususugan ng teoryang *childism* ay nagsisilbing mabisang daluyan upang ipamulat ang mga pangunahing ideyang kaakibat ng usapin ng child labor; *(1) Pangmamaliit at Diskriminasyon sa mga Bata, (2) Iba't ibang Anyo ng Pang-aabuso at Pagpapabaya, (3) Mga Maling Paniniwala at Kulturang Kinagisnan, (4) Pagbabalewala sa Karapatan ng mga Bata, at (5) Pagkakaroon ng Pantay na Pagtingin sa mga Bata.* Sa ganitong paraan, ang edukasyon at panitikan

ay nagiging aktibong katuwang hindi lamang sa pag-unawa sa karanasan ni Impen bilang batang agwador; kung hindi bagkus ay nagiging malakas na sandata sa progresibong pagsusulong at pagpapaigting sa mga karapatang pambata.

**Mga Susing salita:** *Child Labor, Karapatang Pambata, Childism, maikling kuwento at panitikan*

***Abstract***

This study offers a critical examination of the short story Impeng Negro, foregrounding the complex and enduring issue of child labor in the Philippines. Grounded in Elisabeth Young-Bruehl's theory of Childism and employing Torres-Yu's Text–Intertext–Context framework, the analysis interrogates the forms, causes, and effects of child labor through the lived experiences of the child protagonist and their intersections with broader social realities. By deepening the narrative of the child worker as a primary victim of labor exploitation, the study broadens critical perspectives on child labor as a social problem. Ultimately, the paper demonstrates that literary criticism informed by childism offers these valuable insights in examining key issues related to child labor; (1) Discrimination and Marginalization against children, (2) Various forms of abuse and neglects, (3) Misguided Beliefs and Cultural Norms, (4) Disregarding Children's Rights, and (5) Having Equal Regard for Children. With this, it functions as an effective critical and pedagogical intervention; one that advances both social awareness and the progressive advocacy of children's rights through education and literature.

***Keywords:*** *Child Labor, Child Rights, Childism, short stories and literature*

**Panimula**

**Ang Konteksto ng mga Batang Manggagawa**

Ang child labor, sa pinakamadaling pagpapakahulugan ay tumutukoy bilang "*maagang pagtatrabaho ng mga bata"* na sa kabila ng kanilang murang isip ay kanila nang ginagampanan (sapilitan man o hindi) ang mga gawain na hindi angkop sa kanilang murang edad at maaaring makasama sa kanilang kalusugan, pag-aaral, at kabuuang pag-unlad. Batay sa *United Nations Convention on the Rights of the Child (CRC, 1989)*, ang sinumang wala pang labing-walong (18) taong gulang ay maituturing na bata; samakatuwid, anumang trabahong mapanganib o nakasasagabal sa kanilang pagtatamo ng mga batayang karapatan ay kabilang na sa saklaw ng child labor.

Pinalalalim din ang katuturang ito ng paliwanag ng *International Labour Organization (2017)* na inilarawan ang child labor bilang mga uri ng trabaho na kumikitil sa pagkakataon ng mga bata (5 – 17 gulang) na maranasan ang tunay na pagkabata, makapag-aral nang maayos, at mapanatili ang kanilang dignidad. Kabilang dito ang mga gawaing sobra ang oras, nakapagdudulot ng panganib sa pisikal o mental na kalusugan, at nakahahadlang sa kanilang edukasyon. Hindi lamang ito simpleng usapin ng pagtulong sa pamilya, kundi produkto ng mas malawak na estrukturang panlipunan tulad ng kahirapan, kawalan ng sapat na oportunidad, at hindi pantay na relasyong pangkapangyarihan sa lipunan (Basu & Van, 1998; Edmonds & Pavcnik, 2005). Sa antas naman ng sikolohikal at panlipunang pag-unlad, ang child labor ay nagbubunsod ng napaagang pag-angkin ng responsibilidad o forced maturity, na may pangmatagalang implikasyon sa pagkatao at emosyonal na kalusugan ng bata (Garbarino, 1995; Burton, 2007).

Ngunit ayon sa *UNICEF (2020)*, hindi lahat ng gawain ng bata ay itinuturing na child labor; may mga magaan na tungkulin na maaaring makatulong sa kanilang pagkatuto at sa paghubog ng disiplina. Gayunpaman, kapag ang mga gawain ay mapanganib at nagdudulot upang hindi na nila matamasa ang kanilang mga batayang karapatan, malinaw na ito ay pumapasok sa kategorya ng child labor.

Matagal nang itinampok ng samu't saring panitikan ang usapin ng child labor sa iba't ibang anyo – mula sa klasikong *fairy tales* at mga nobela hanggang sa mga tula at maikling kuwento. Sa unang pagbasa, ang mga pambatang kuwentong tulad ng *Cinderella, Sarah, Ang Munting Prinsesa*, o maging ang ilang mga sikat na anime at cartoons ay nagpapakita ng pagsusumikap sa buhay ng mga bidang tauhan na kalauna'y hahantong sa *happy ending* o masayang pagwawakas. Ngunit, sa mas malalim na pagbasa't pag-unawa, lilitaw ang madilim na katotohanang bihira ang ganitong pagtatapos para sa mga batang nasasangkot sa child labor.

Sa panitikang pandaigdig, nailahad na sa mga klasikong akda ang samu't saring danas ng mga batang manggagawa. Sa *The Little Match Girl* ni Andersen (1845), makikita ang batang napilitang magtinda ng posporo sa gitna ng matinding taglamig hanggang sa maging dahilan na ito ng kaniyang kamatayan. Gayundin, sa *The Boy in the Striped Pyjamas* ni Boyne (2006), si Shmuel, isang batang Hudyo na nasa concentration camp ay kumakatawan sa libu-libong batang pinilit magtrabaho sa panahon ng digmaan. Ang *The Paperboy* ni Pilkey (1996) ay nagbigay ng representasyon sa mga batang maagang nagkakaroon ng responsibilidad bilang tagahatid ng diyaryo, na bagaman tila magaan ay malinaw na sumasalamin sa pagkawala ng oras para sana sa pag-aaral at paglalaro. Sa *I Am Not a Number* nina Dupuis at Kacer (2016), inilalantad ang ilang pang-aabuso sa mga batang katutubo sa Canada na pinagtatrabaho sa ilalim ng panakip-butas na *residential*

*school*. Pag-aaralin ang mga bata kapalit ng katakot-takot na utos at mahihirap na mga gawain at trabaho sa loob ng kampo. Hindi rin matatawaran ang *Oliver Twist* ni Dickens (1839) na mariing pumuna sa sistemang pang-ekonomiya ng Inglatera na nagbunsod noon ng sapilitang paggawa ng mga ulila sa mga bahay-pagawaan at pabrika. Sa tula namang *The Chimney Sweeper* ni Blake (1789), inilarawan ang batang ibinenta upang magtrabaho sa maruming tsimenya na sa mariing pagbasa ay isang malinaw na anyo ng protesta laban sa mapang-abusong sistemang kinasasangkutan ng mga batang manggagawa.

Maging sa panitikang Pilipino, malinaw ang pagsipat sa child labor. Sa *Si Jamin ang Batang Manggagawa* nina Olarita at Ortiz (2021), si Jamin ay simbolo ng marahas na katotohanan ng mga batang napilitang magtrabaho dahil sa kahirapan. Sa *Ilalim ng Tindahan* ni Bautista (2001), ang batang tauhan ay naagawan ng karapatang makapag-aral dahil sa maagang pagtulong sa kabuhayan ng pamilya. Samantala, sa *Children of the Ash-Covered Loam* ni NVM Gonzalez (1954), inilarawan ang siklo ng kahirapan sa agrikultura na nagtutulak sa batang si Tarang mula sa rural na pook na makibaka para sa pamilya, na siyang simbolo ng pagkakait ng lipunan sa simpleng pangarap ng isang bata.

Ipinapakita naman ng *Bughaw Pa sa Likod ng Ulap* (Matute, 1945), *Mabangis na Lungsod* (Abueg, 1960), *Impeng Negro* (Sikat, 1962), at *Ang Gilingang Bato* (Reyes, 1964) na ang child labor sa panitikang Pilipino ay hindi hiwa-hiwalay na karanasang personal ng mga bata, kundi produkto ng istruktural na kahirapan, digmaan, urbanisasyon, at sistemikong kapabayaan ng lipunan at estado**.** Sa iba't ibang anyo tulad ng pamumulot ng basura, pamamalimos, pag-aagwador, at maging ang mga domestic labor; malinaw na ang mga bata ay napipilitang gawin at akuin ang maagang pagtatrabaho dahil na rin sa kawalan ng pagpipilian at malawakang kapabayaan ng ating lipunan.

Sa mga kuwentong ito, malinaw na ang paggawa ng bata ay kaakibat ng pagkait sa batayang karapatang pambata: edukasyon, kaligtasan, at ganap na pag-unlad. Sina Iding at Edo *(Bughaw sa Likod ng Ulap)* ay biktima ng digmaan at "forced maturity" o silang mga batang napipilitang gampanan ang responsibilidad ng matatanda dahil sa kahirapan, disintegrasyon ng pamilya, o panlipunang kaganapan (Burton, 2007; Wyman et.al, 1999; Young-bruehl, 2012); si Adong *(Mabangis na Lungsod)* ay larawan ng batang lansangan na mistulang "invisible" sa lungsod; si Impen *(Impeng Negro)* na (siyang tampok na tauhan sa pag-aaral na ito) ay kapuwa biktima ng child labor at diskriminasyon; at ang mga anak sa *Ang Gilingang Bato* ay halimbawa ng *hidden domestic child labor* na na-normalisa sa loob ng pamilya.

Ipinapakita ng iba't ibang panitikan sa iba't ibang sulok ng mundo at maging sa Pilipinas na ang child labor ay hindi lamang usaping pangkabuhayan kung hindi'y isa sa mga kaganapang panlipunan na patuloy na humahadlang at kumikitil sa karapatan at pangarap ng mga bata. Ang mga kuwentong ito ay hindi lamang simpleng naratibo; ang mga ito'y kritikal na representasyon ng lipunang lumilikha at nagpapanatili ng child labor. Sa ganitong pagsipat din, mahihinuhang ang pagbasa sa mga panitikang ito'y nagbibigay-daan din sa isang panawagan tungo sa pagkilala at pagtataguyod ng mga karapatan ng kabataan.

**Mga Mekanismo ng Proteksyong Pambata at ang Puwang sa Diskurso ng Child Labor sa Bansa**

Nabanggit na sa mga naunang pagtalakay na ang child labor ay isang pandaigdigan at pambansang krisis na hindi lamang naglalantad ng lumalalang kahirapan; naglalantad din ang mga ito ng kakulangan ng pamahalaan, mga institusyon, at maging ng mismong ating lipunan sa pagbibigay ng hindi sapat na proteksiyon at oportunidad para sa mga bata. Sa nagdaang mga ulat ng ILO at UNICEF sa mga nakalipas na dekada, malinaw na anumang trabahong pumipigil sa edukasyon, nagsasantabi sa mga batayang karapatan ng mga bata, at naglalagay sa kanila sa mapanganib sa kalagayan na maaaring magdulot din ng negatibong epekto sa kanilang kalusugan ay maituturing na anyo ng child labor.

Sa Pilipinas, sa kabila ng pagkakaroon ng mga batas gaya ng *RA 7610 o Special Protection of Children Against Abuse, Exploitation, and Discrimination Act of 1992*; RA 9231 o *An Act Providing for the Elimination of the Worst Forms of Child Labor and Affording Stronger Protection for the Working Children of 2003*; RA 9344 o *Juvenile Justice and Welfare Act of 2006*; RA 11058 o *An Act Strengthening Compliance with Occupational Safety and Health Standards and Providing Penalties for Violations Thereof of 2018* , at Atas Tagapagpaganap 603 o *The Child and Youth Welfare Code* ng 1974, nananatili pa rin itong malubhang problema. Ang mga bata sa bukirin, minahan, baybayin, at lansangan ay patuloy na natatali sa tanikala ng kahirapan at kawalan ng oportunidad, na naghahayag nang malinaw na puwang sa pagitan ng malawakang pagpapatupad sa mga polisiya at implementasyon ng mga ito.

Sa pandaigdigang mga perspektiba naman, malaganap ang konsepto ng Child Rights-Based Approach (CRBA) na isinulong na ng UNCRC taong 1989 na tahasang nagpapahayag na hindi sapat ang *top-down* na tulong ng pamahalaan; kailangan ang aktibong partisipasyon ng mga bata bilang may sariling karapatan at boses sa mga prosesong may kinalaman sa kanila. Kaakibat nito, matagal nang

binibigyang-diin ng *Structural Violence Theory* nina Galtung at Farmer (1969) na ang child labor ay hindi lamang bunga ng indibidwal na pagpili kung hindi ng malalalim na estrukturang panlipunan; kakulangan sa libreng edukasyon, kawalan ng sapat na proteksyon, at serbisyong panlipunan; ay siyang tunay na hadlang sa ganap na pag-unlad ng bata. Dagdag pa, isiniwalat ng *Childism Theory* ni Young-Bruehl na ang mismong pananaw ng lipunan na minamaliit at nagsasawalang bahala sa mga bata ay nagiging pangunahing salik upang patuloy na masangkot ang mga bata sa child labor.

Kritikal din ang pagsusuri sa mga legal na mekanismo. Bagaman layunin ng RA 7610 at RA 9231 na pigilan ang child labor at ang RA 9344 na kilalanin ang mga bata bilang biktima sa halip na mga kriminal, madalas na nauuwi ito sa *tokenistic protection* na hindi umaabot sa pinakamahihirap na komunidad. Ang RA 11058 at PD 603 ay nagsusulong ng kaligtasan at kapakanan ng mga manggagawa, ngunit hindi sapat sa harap ng bagong anyo ng child labor tulad ng *online exploitation* at *unpaid labor* sa *digital platforms (Live Selling, Online Vlog atbp).* Dagdag pa rito, ang mahinang implementasyon ng mga umiiral na batas, limitadong *child protection units*, at mahinang koordinasyon ng iba't ibang mga ahensya sa ating bansa ay lalo pang nagpapalala sa suliraning ito.

Sa kabila ng lawak ng mga umiiral na pag-aaral hinggil sa child labor sa Pilipinas at sa iba't ibang panig ng daigdig, kapansin-pansing nakatuon ang karamihan sa mga ito sa aspektong sosyo-ekonomiko, legal, at estadistikal na una nang nabanggit sa mga pag-aaral nina Reyes et al. (2004), De Guzman (2018), Gonzales (2021), at ng International Labour Organization (2020). Bagaman malinaw na nailalatag ng mga pananaliksik na ito ang mga sanhi at epekto ng child labor sa antas ng lipunan, nananatiling kulang ang mga pag-aaral na tumitingin sa panitikan bilang lunsaran ng pag-unawa sa nasabing isyu. Sa madaling sabi, bihira pa ring pagtuunan ng pansin ang representasyon ng child labor sa mga tekstong pampanitikan at kung paano nito inilalarawan ang karanasan, tinig, at pag-iral ng mga batang manggagawa.

Bukod dito, kakaunti rin ang mga pananaliksik na gumagamit ng teoryang *Childism* ni Elisabeth Young-Bruehl sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan upang siyasatin ang istrukturang panlipunang nagbubunsod ng diskriminasyon laban sa mga bata. Ang umiiral na mga pag-aaral sa Childism (Baker, 2022; Harrison, 2021; Khan, 2020) ay kadalasang nakasentro sa kontekstong Kanluranin at sa larangan ng sikolohiya o child rights, at hindi pa lubos na naiaangkop sa konteksto ng panitikang Pilipino.

Dito nagmumula ang puwang o research gap na pinupunan ng papel na ito. Nilalayon nitong palawakin ang diskurso ng child labor hindi lamang bilang usaping panlipunan kung hindi bilang diskursong pampanitikan at kultural, gamit ang lente ng Childism upang suriin kung paano ipinapakita ng napiling maiikling kuwentong Pilipino ang anyo ng pang-aapi, pagpapabaya, at paglimot sa karapatan ng mga bata. Sa ganitong paraan, ang panitikan ay hindi lamang magsisilbing salamin ng lipunan, kung hindi isang makapangyarihang daluyan ng kritikal na kamalayan at panawagan para sa pagsusulong at pagpapaigting ng mga karapatang pambata.

**Mga Layunin ng Pag-aaral**

Nilalayon ng pag-aaral na ito na magsagawa ng panunuring pampanitikan sa maikling kuwentong *Impeng Negro* bilang tekstong sumasalamin upang itampok ang usapin ng child labor sa kontekstong Pilipino. Gamit ang hulwarang *Teksto–Interteksto–Konteksto* ni Torres-Yu, layon ng pag-aaral na: (1) suriin ang paraan ng representasyon ng child labor sa antas ng tekstuwal at kontekstuwal na pagsusuri; (2) siyasatin ang kalagayan at mga danas ng batang manggagawa sa kuwento bilang inilalarawan sa naratibo; at (3) pag-ugnayin ang mga diskursong pampanitikan sa akda, ang mga kongkretong realidad panlipunan ng child labor sa Pilipinas, at ang teorya ng Childism ni Elisabeth Young-Bruehl, tungo sa pagsusulong at pagpapaigting ng mga karapatang pambata.

Nakasandig din ang pag-aaral sa teoryang Childism ni Young-Bruehl bilang pangunahing salalayan sa pagsusuri. Bilang isang kritikal na balangkas, inilalantad ng Childism ang diskriminasyong nakabatay sa edad at ang pagmamaliit sa mga bata sa iba't ibang larangan ng lipunan. Katulad ng peminismo, binibigyang-diin ng teoryang ito ang pagkilala sa mga bata bilang ganap na paksa ng karapatan at hindi lamang bilang mga "hindi pa ganap" na indibidwal. Sa ganitong pananaw, ang child labor ay hindi lamang nakikitang suliraning pang-ekonomiya, kundi isang usaping etikal, panlipunan, at pang-edukasyon na may malalim na implikasyon sa paghubog ng kamalayan, kurikulum, at gampanin ng panitikan at edukasyon bilang mga puwersa ng panlipunang mapagbago.

**Metodolohiya**

Para sa pag-aaral na ito, gagamitin ang teoryang Childism ni Young-Bruehl bilang pangunahing teoryang salalayan at hulwarang *Teksto-Interteksto-Konteksto (TIK)* batay sa pagpapaliwanag ni Prop. Torres – Yu upang suriin ang napiling maikling kuwento. Inaasahan na sa pamamagitan nito, higit na mapalalalim ang pag-unawa

at kamalayan ng mga mambabasa sa isyu ng child labor nang sa gayon ay lumagos ito sa pagsusulong at pagpapaigting ng mga karapatang pambata.

Nakatuon din ang kabuuan ng susunod na mga pagtalakay sa pagsusuring pampanitikan. Gamit ang analitikal na anyo, binasa at sinuri ang maikling kuwento na tumatalakay at nagtatampok sa usapin ng child labor gayundin ang mailarawan ang iba't ibang danas ng batang tauhan sa maagang paggawa o pagtatrabaho sa pamamagitan ng panitikan bilang lunsaran.

Ang mga datos, partikular ang maikling kuwento ay bunga ng kolaboratibo at halu-halong anyo ng pangangalap sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga Facebook group, pagpapadala ng mensahe sa ilang kakilalang mga guro, at personal na pagbisita sa mga silid-aklatan gaya ng Rizal Library ng Ateneo, Ninoy Aquino Library ng PUP, Aklatan ng Unibersidad ng Pilipinas, at maging sa Pambansang Aklatan ng ating bansa. Gumamit din ang mananaliksik ng *internet surfing* sa mga lehitimong *websites*, *online publications, at e-journals* bilang karagdagang hanguan ng mga impormasyon. Mula sa mga ito, napili ng mananaliksik ang isang mainam na maikling kuwento na magiging tuon ng akademikong papel na ito, ang maikling kuwentong, "*Impeng Negro"* ni Rogelio Sikat (1962).

Ang panunuring pampanitikang ito ay ginagabayan ng hulwarang TIK. Sa bahaging *Tekstuwal na pagsusuri*, sinuri ang pormalistikong aspekto ng kuwento tulad ng banghay, tauhan, at paraan ng pagkukuwento. Pinalutang sa bahaging ito ang usapin ng child labor batay na rin mismo sa pagpapakilala at pagsusuri sa punto de bista ng batang tauhan bilang isang batang nagtatrabaho.

Bagaman nauna nang banggitin na ginagabayan ng hulwarang TIK ang pag-aral na ito, ang bahaging *intertekstuwal na pagsusuri* ay hindi na inilagay bilang hiwalay na bahagi at minabuting iugnay at/o isamang ipaliwanag na agad sa tekstuwal o di kaya sa konstekstuwal na pagsusuri. Ito ay dahil kapwa sapat na ang *Tekstuwal at Kontekstuwal* na pagsusuri upang maiugnay ang maikling kuwento sa ibang mga tulad na kuwento at higit ang talab ng pagsusuri kung sa mismong mga kaganapan na sa lipunan iaangkla ang pagsusuri.

Sa *Kontekstuwal na pagsusuri*, tampok na ang mas realistikong pagsusuri at pag-uugnay ng mga danas ng batang tauhan sa mga pangyayari at realidad ng mismong ating lipunang ginagalawan, kabilang na ang kasaysayan, kultura, at napapanahong usapin na nakaimpluwensya sa akda at maging ang hugpungan ng maikling kuwento ito sa *childism* ni Young-Bruehl.

Sa usapin naman ng etikal na konsiderasyon, lubos na kinikilala ang orihinal na manunulat ng akdang sinuri. Tiniyak na ang kuwento ay gagamitin lamang para sa layuning akademiko at hindi gagamitin sa komersyal na layunin. Nagkaroon din ng pagpapapagaan o *eupimismo* upang hindi maging mabigat ang dating sa mga (batang) mambabasa ng maiikling kuwento na pumapaksa sa ilang mga sensitibong paksa sa ating lipunan.

**Ang Usapin ng Child Labor at Childism sa Impeng Negro**

Ang maikling kuwentong *Impeng Negro* ni Sikat na unang nailathala nang taong 1962 ay tumatalakay sa buhay ni Impen, isang batang agwador (tagaigib ng tubig) na napilitang magbanat ng buto upang matulungan ang kanyang inang hikahos din. Sa murang edad, si Impen ay biktima hindi lamang ng kahirapan kung hindi maging ng matinding diskriminasyon dahil sa kaniyang kulay at kalagayang panlipunan. Sa pagsusuri sa kaligirang kasaysayan ng akda, nailathala ang maikling kuwentong ito sa panahong ang Pilipinas ay dumaan sa ragasa ng modernisasyon at urbanisasyon ng Pilipinas kasabay ng mabilis na paglago ng lungsod at industriyalisasyon na nagbunga ng malawakang migrasyon ng mga Pilipino mula kanayunan patungong kalunsuran kasabay ng paglitaw ng *urban poverty* at impormal na mga uri ng trabaho (Lynch, 1961; Reed, 1967; Carroll, 1968). Sa kabila ng retorika ng kaunlaran, ipinakita ng mga pag-aaral na ang prosesong ito ay nanatiling hindi inklusibo sa halip ay lalo pang nagpalalim sa hindi pagkakapantay-pantay sa ating lipunan (Apter, 1965; Frank, 1967; Kerkvliet, 1977). Kalaunan, ang kaakibat na mga suliranin ng modernisasyon at urbanisasyong ito ay patuloy na mananatili, dahilan upang higit na tumaas ang agwat sa pagitan ng mayayaman at mahirap (Balisacan & Hills, 2003).

Ang maikling kuwentong ito ay hindi lamang salaysay ng indibidwal na pagdurusa kung hindi ng isa ring panlipunang pagsusuri sa ilang kadahilanan kung bakit ptuloy na lumalaganap ang bilang ng mga batang manggagawa. Sa pagbasa rito gamit ang teoryang *childism* ni Young-Bruehl (2012), malinaw na ang bata ay kadalasang hindi itinuturing na ganap na indibidwal na may sariling karapatan at maaring gawin ang ano mang naisin, kung hindi tagasunod lamang sa naisin ng mas nakatatanda para sa kanila.

Si Impen, ang pangunahing tauhan sa kuwentong ito, ay isang batang agwador na kumakatawan sa mga batang sa murang gulang ay kinakailangan nang magtatrabaho dahil na rin sa matinding hirap ng buhay. Sa kaniyang batang isip, siya ay napipilitang magtrabaho upang matulungan ang kaniyang ina at

nakababatang kapatid. Ang kaniyang pisikal na hitsura, na madalas itinuturing na "negro" o maitim, ay nagpapakita ng mga panghuhusga at panlilibak mula sa kaniyang kapuwa, partikular na si Ogor, na hindi tumitigil sa pagtukso sa kaniya, tulad ng makikita sa mga linya sa mismong kuwento: *"Ang itim mo, Impen,"* at *"Sino bang tatay mo? Si Dikyam?"* Ang mga panunuksong ito ay nagdudulot ng matinding poot sa kaniya, ngunit sa kabila ng lahat, higit niyang pinipili ang magtimpi.

Dahil sa hirap na dinaranas, natutunan ni Impen na humarap sa mga hamon at sa kabila ng mga panunukso at pang-aapi, nagsimula siyang magtangi ng lakas upang ipagtanggol ang sarili, tulad ng nakita sa kaniyang laban kay Ogor. Sa isang di-inaasahang tagpo, habang si Ogor ay patuloy na nang-aapi, si Impen ay nagpamalas ng hindi inaasahang lakas sa pamamagitan ng isang pisikalang labanan.

Sa pagtatapos ng kuwento, si Impen ay hindi lamang isang batang nagsisilbing pag-asa ng kaniyang pamilya, kung hindi siya rin ay nagiging larawan ng pagtatangka ng mga batang nagsasagawa ng child labor na malabanan ang diskriminasyon at pangmamaliit na dinaranas gaya na lamang ng ginawa ni Impen. Sa pamamagitan ng kaniyang naranasang mga pagsubok at ang matinding pagsisikap na itaguyod ang kaniyang pamilya, pinapakita ng tauhang si Impen ang malupit na realidad ng mga batang nagtatrabaho sa mahihirap na kalagayan, ngunit ipinapakita rin niya ang kaniyang lakas at determinasyon upang ipagtanggol ang sarili at ang kaniyang dignidad laban sa malupit na lipunang kinabibilangan.

**Kontekstuwalisasyon at Pagsusuri sa Iba't Ibang Mukhâ ng Batang Manggagawa at sa Kanilang Lipunang Kinabibilangan**

Ang panitikan ni Rogelio Sikat (1940 – 1997) ay nagsilbing mahalagang daluyan sa pag-unawa sa masalimuot na ugnayan ng personal na karanasan at kolektibong pakikibaka ng uring manggagawa sa lipunang Pilipino. Bilang isang manunulat mula sa Nueva Ecija, malinaw na nahubog ang kanyang estetika at pananaw sa mga estrukturang pyudal at mapang-aping kalagayang panlipunan sa kanayunan; mga realidad na hindi lamang kanyang nasaksihan kundi tuwirang naranasan. Ang mga karanasang ito ay naging pundasyon ng kanyang pagsusulat, partikular sa maikling kuwentong *Impeng Negro* na natatampok ng usapin ng child labor at ang kaakibat nitong diskriminasyon at pang-aabuso. Ang maikling kuwentong ito ay bahagi ng antolohiya ng mga maiikling kuwento na "*Mga Agos sa Disyerto."*

Ang pag-usbong ng antolohiyang *Mga Agos sa Disyerto* noong dekada ’60 ay hindi lamang isang masining na pagtatangka kundi isang masalimuot na pakikidigma sa umiiral na estruktura ng kapangyarihan sa panitikang Filipino. Ayon sa mga pahayag ni Sikat, ang espasyo ng “seryosong paglikha” noon ay lubhang makitid dahil sa gahum ng panitikang komersyalisado, na itinuturing ni Agoncillo (1970) bilang isang anyo ng “pangangalakal sa paglikha.” Sa ganitong kalagayan, ang mga kabataang manunulat na tinaguriang “Bagong Dugo” – Sikat, Reyes, Abueg at Ordoñez – ay naharap sa hamon ng pagwasak sa nakasanayang kalakaran habang bumubuo ng bagong kapasidad sa paglikha (San Juan, 2020). Ang prosesong ito ay hindi naging madali; sapilitan silang dumaan sa yugto ng “pagpapatangay muna sa agos” upang makapasok sa teritoryo ng matatandang manunulat at sa mga magasing popular gaya ng *Liwayway*. Ang pagsunod sa de-kahong pormula ng mga kuwentong pag-ibig at magaan na paksa ay naging taktika ng unti-unting pag-usad upang makamit ang pagkilala ng mga editor at mambabasa, na kalaunan ay nagbukas ng pinto para sa kanilang mas radikal at makatotohanang mga akda.

Bukod sa hamong pampanitikan, malalim ang ugnayan ng pagsusulat ng mga manunulat sa Agos, partikular ni Sikat sa kaniyang ekonomikong kalagayan, na may direktang kaugnayan sa tema ng child labor sa kaniyang naging iba pang mga akda. Nagmula siya sa maralitang pamilya, at ang pagsusulat ay paraan upang makaalpas sa gipit na pamumuhay, kung saan mataas ang kawalan ng trabaho at talamak ang krisis. Sa kaso ni Sikat kailangang niyang tapatan ang pagsusulat ng mabibigat na trabahong konstruksyon, na nagpapatunay na ang sining ay hindi hiwalay sa materyal na kondisyon ng manlilikha at sa pang-araw-araw na pakikibaka ng uring manggagawa; isang realidad na kinakatawan sa tauhang si Impen. Sa kabila ng ganitong panggigipit, iginiit ni Sikat (sampu ng iba pang mga manunulat ng *Agos*) ang paglikha ng mga kuwentong lumilihis sa nakasanayang anyo at mas realistiko ang paksaing itinatampok tulad na lamang ng *Tata Selo at Impeng Negro*.

Ang kolektibong pagbubuklod ng mga kabataang manunulat ng Agos ay isang pagsuway sa kolonyal na edukasyon at komersyalisadong panitikan na nagbigay-diin sa panitikan bilang kasangkapan upang ilantad ang mga realidad ng marhinalisadong sektor, kabilang ang mga pagsusulong at pagpapaigting sa mga karapatang pambata higit lalo ng mga batang manggagawa. Ang tagumpay nila sa *Mga Agos sa Disyerto* ay nagpapatunay na ang panitikan ay dapat maging tagapagpahayag ng katotohanan ng masa, at ang tunay na sining ay nagmumula sa pakikipagtunggali sa mapanggipit na sistema. Sa kontekstong pang-edukasyon, ang paggamit ng *Impeng Negro* ay higit pa sa teknikal na pagsusuri; ito ay pedagohikal na hakbang tungo sa pagpapalalim ng pag-unawa sa bata bilang ganap na indibidwal na may boses, dangal, at karapatan, gamit ang lente ng

*childism*, at sa ganitong paraan ay direktang tinatalakay ang mga isyu ng child labor at karapatang pambata.

Kung tatanawing muli ang ilang bahai ng ating kasaysayan, dumaan din tayo sa yugto ng *"developmental optimism"* isang pandaigdigang pananaw o paniniwala na ang isang bansa ay tiyak na uunlad sa pamamagitan ng modernisasyon, industriyalisasyon, at edukasyon. Ang konseptong ito ay pangunahing ipinakilala nina Rostow (1960) sa *The Stages of Economic Growth: A Non-Communist Manifesto* at Lerner (1958) sa *The Passing of Traditional Society*, na kung saan, kapwa nila isinulong ang paniniwalang ang modernisasyon at industriyalisasyon ay awtomatikong magbubunga ng demokrasya at pag-unlad sa isang bansa maging sa mamamayan nito.

Sa kontekstong Pilipino, malawak na niyakap ng pamahalaan at midya ang ganitong pananaw na kung tutuusin ay isang uri ng ideyalismong pangkaunlaran na nagbigay-diin sa progreso at urbanisasyon bilang sukatan ng tagumpay ng bansa. Gayunman, sa aktuwal na kalagayan, nanatiling malaki ang agwat sa pagitan ng mayaman at mahirap, at marami sa mga maralitang Pilipino, lalo na ang mga bata, ang patuloy na nalubog sa kahirapan at pagsasamantala. (Alburo, 2017; Soekajat, 1965; Torres, w.t.)

Ayon din sa ulat ng *International Labour Organization* para sa taong 1965, libu-libong batang Pilipino ang sangkot sa paggawa bilang tagapulot, tagalako, at tagapasan ng tubig – mga trabahong halos kapareho ng kay Impen. Sa panahong ito rin sumisibol ang mga usapin ng *racial and social discrimination* sa lipunang Pilipino, kung saan ang kulay at kalagayang panlipunan ay nagdidikta ng pagtingin sa dangal ng isang tao.

Si Impen, isang batang may maitim na balat at dukhang pinagmulan, ay inaalipusta hindi lamang bilang "maitim" kung hindi bilang mahirap – isang dobleng uri ng marhinalisasyon. Sa ganitong pagbasa, ang kanyang karanasan ay hindi lamang personal na pighati kung hindi bunga ng malawakang *structural violence* (Galtung, 1969), kung saan ang kabataan ay biktima ng mga umiiral na istrukturang panlipunan na nagkukubli sa anyo ng *"pagsisikap"* at *"kabutihang asal."*

Ang karakter ni Impen ay larawan ng bata na unti-unting tinatanggalan ng karapatan na maging isang bata. Ang kanyang murang katawan ay ginamit bilang instrumento upang tustusan ang pang-araw-araw na pangangailangan ng kanilang pamilya at sa prosesong ito ay nagiging biktima siya ng childism, isang paniniwalang ang mga bata ay nararapat lamang sumunod, magtiis, at magsakripisyo para sa mga layunin ng matatanda.

Maaari ring tingnan ang prinsipyo ng “adultist assumption” sa kalagayang ito ni Impen. Ang prinsipyong ito ay nakaugat sa teorya ng *adultism*—isang pagtatangi laban sa mga bata na unang binigyang-pansin nina Bell (1995) at Checkoway (1996), at pinalalim ni Young-Bruehl (2012) sa kaniyang akdang *Childism: Confronting Prejudice Against Children.* Ayon sa kanila, ang *adultism* ay isang pananaw na nagbibigay ng higit na kapangyarihan sa mga matatanda at nag-aakalang ang mga bata ay walang kakayahang magpasiya o kumilos para sa sarili. Sa ilalim ng *adultist* na pananaw, ang bata ay laging nasa posisyon ng pagtalima, habang ang matanda ang tagapagtakda ng tama at mali.

Sa kabilang dako, ang *Childism*, ayon kay Young-Bruehl, ay isang mas malalim at sikolohikal na anyo ng pagtatanggi, hindi lamang simpleng dominasyon ng matatanda kung hindi isang *prejudice* na nagmumula sa takot, galit, o pagkamuhi sa kakayahan at kalayaan ng mga bata. Sa kanyang pagtalakay, sinabi ni Young-Bruehl na ang *childism* ay “isang uri ng pangmamaliit sa mga bata dahil sa takot ng matatanda sa kanilang sariling kahinaan na nakikita nila sa kabataan.” Sa ganitong paraan, nagiging repleksiyon ng kawalang-tiwala ng lipunan sa bata ang mga pagtinging ito dahilan upang maisantabi ang kanilang karapatan na ang masama’y naglalagay sa kanila sa mga mapanganib na sitwasyon tulad na lamang ng *child labor.*
Kaya’t sa pagtingin kapwa sa adultism at childism, makikita na ang una ay umiikot sa *hierarkiyang panlipunan* (ang ideya na ang matanda ang may awtoridad), samantalang ang ikalawa’y umiikot sa *prejudice o emosyonal na pagtingin* na ang bata ay sagabal, mahina, o hindi karapat-dapat pagkalooban ng sariling boses. Sa pinagsamang puwersa ng dalawang prinsipyong ito, nabubuo ang ideolohiyang nagpapatahimik sa kabataan at nagtataguyod ng *exploitation.*

Sa kaso ni Impen, malinaw ang mekanismo ng panlipunang pagpapatahimik na nagmumula sa isang adultist na kaayusang panlipunan. Dahil sa dominasyon ng pananaw ng matatanda, hinahayaan siyang magtrabaho sa murang edad; isang manipestasyon ng paniniwalang likás at katanggap-tanggap ang paggawa para sa mga batang mula sa maralitang pamilya (Young-Bruehl, 2012; ILO, 2017). Sa ilalim ng ganitong kondisyon, nawawala ang puwang ng bata upang pakinggan at kilalanin bilang may sariling karanasan at karapatan (James & Prout, 1997). Dagdag pa rito, dahil sa pag-iral ng *childism* at simbolikong karahasang umiiral sa lipunan, si Impen ay hindi nakatatanggap ng empatiya kundi nagiging paksa ng panunuya at panghuhusga batay sa kanyang kulay at kahirapan na isang malinaw na halimbawa ng panlipunang panghuhusga at diskriminasyon sa kulay, uri, at kahirapan (Reyes, 1982; Bourdieu, 1984).

Ang ganitong pag-iral ng childism ay nagtutulak sa mga bata sa child labor, sapagkat pinagsasanib nito ang dalawang anyo ng pang-aapi: *Panlipunang panggigipit*, kung saan itinuturing ang paggawa ng bata bilang normal o kinakailangan upang patuloy na umiral at *Sikolohikal na diskriminasyon* kung saan pinaniniwalaang hindi karapat-dapat ang mga bata sa pahinga, edukasyon, o boses dahil sila ay "mga bata lamang" at bahagi ito ng kanilang paglaki.

Sa gayon, si Impen ay hindi lamang produkto ng kahirapan kung hindi ng mga nakaugat na ideolohiyang *childism* na sabay na kumikilos upang gawing lehitimo ang pagpapabaya at pang-aabuso sa kabataan. Ang kaniyang katahimikan at pagtitiis ay bunga ng panlipunang kaugalian na ang mga bata ay natural lamang na tumulong sa kanilang pamilya (mabigat man o magaan ang mga gawain/ trabahong ito), isang pananaw na patuloy na nagpapalaganap sa tanikala ng *child labor* hanggang sa kasalukuyang panahon.

Mahalagang tandaan din na sa maikling kuwentong *Impeng Negro*, ang diskriminasyon sa kulay ay hindi lamang usapin ng *racism* kung hindi isang metapora ng sosyo-ekonomikong hierarkiya. Ang pagiging "itim" ni Impen ay sumasagisag sa pagiging "mababang-uri" sa lipunan, ang parehong dahilan kung bakit niya higit na kailangang magtrabaho. Sa panahong iyon, ang mga batang manggagawa ay itinuturing na *invisible laborers*; sila'y bahagi ng ekonomiya ngunit hindi kinikilala ng mismong ating lipunan (Crain, Poster, & Cherry, 2020; Toxtli, Suri & Savage 2021; Mosier-Puentes, 2023).

Ang panlilibak kay Impen bilang "negro" ay hindi lamang simpleng insulto; ito ay retorikal na karahasan na nag-uugat sa ideolohiya ng *childism*. Sa bawat tuksong *"ang itim mo, Impen,"* ay naipapasa ang mensahe ng lipunan: na ang mga tulad niya ay likas na mababa, at sa gayon ay karapat-dapat lamang magbanat ng buto. Dito nagtatagpo ang *child labor* at *childism* – kapwa mekanismong nagpapalaganap at nagpapalala sa kalagayan ng mga batang manggagawa.

**Ang Katahimikan ni Impen at ang kaniyang Lihim na Paghihimagsik**

Sa huling bahagi ng kuwento, nang makipaglaban si Impen kay Ogor, ipinamalas niya ang tahimik na anyo ng *resistance* o pagpalag. Ang kanyang pisikal na paglaban ay hindi lamang anyo ng pagganti o paglaban, sa halip, ito'y simbolo ng paghihimagsik laban sa sistemang pumipinsala sa kanyang pagkatao. Subalit matapos ang tagpong ito, nananatili pa rin ang tanong: may pagbabago bang naganap sa lipunan? Tulad ng maraming batang manggagawa noon at ngayon, ang tagumpay ni Impen ay pansamantala; ang kanyang katawan ay muling babalik

sa paggawa, at ang siklo't tanikala ng karahasan ay magpapatuloy at anopa'y magbabagong bihis sa mga modernisadong anyo ng child labor.

Dito nakikita ang *cyclical oppression* na binabanggit ni Young-Bruehl (2012) na kapag ang lipunan ay patuloy na ipinipilit na ang mga bata ay dapat magdusa upang "matutong magsikap," nagiging lehitimo ang pagsasamantala. Ang *Impeng Negro* ay nagpapakita ng mapanlinlang na moralidad kung saan ang pagtitiis ng bata ay pinapahalagahan bilang birtud imbes na anyo ng kawalan ng hustisya.

**Tala sa mga Hindi Matapos – tapos na Kuwento ng mga Batang Tulad ni Impen sa Kasalukuyang Panahon**

Bilang isang akdang naisulat mahigit 60 taon na ang nakalilipas, nananatiling makabuluhan ang *Impeng Negro* sa diskurso ng *child labor* sa Pilipinas. Ayon sa ulat ng Philippine Statistics Authority (2021), may 1.37 milyong batang Pilipino pa rin ang kabilang sa mga mapanganib na uri ng paggawa, isang patunay na ang trahedya ni Impen ay hindi pa natatapos.

Sa pag-uugnay ng akda sa teorya ni Young-Bruehl, mauunawaan na ang problema ng *child labor* ay hindi lamang ekonomiko, kung hindi ideolohikal; ito'y nakaugat sa maling pagtingin sa kabataan bilang walang boses, walang kapangyarihan, at walang halaga. Kaya't sa pagbasa sa *Impeng Negro*, naihahayag hindi lamang ang panlipunang sugat ng kahirapan, kung hindi ang mas malalim na paglabag sa karapatang pantao ng kabataan.

Ang kuwento ni Impen ay nananawagan ng pagkilala sa bata bilang ganap na mamamayan: may kakayahang umunlad, magpahayag, at maghangad ng katarungan. Sa ganitong pagbasa, ang akdang ito ni Sikat ay nagiging di lamang salamin ng 1960s, kung hindi babala at panawagan sa kasalukuyan! Na habang may batang tulad ni Impen, nananatiling buhay ang di-matapos-tapos na usapin ng *child labor* sa bansa.

**Gapos sa Panahon ng Kamusmusan: Ang Hugpungan at Pagtanaw sa Usapin ng Child Labor, Childism, at Karapatang Pambata sa Maikling Kuwentong Impeng Negro**

Ang pag-aaral na ito ay nakaugat sa paniniwalang ang panitikan ay hindi lamang tagapagsalaysay ng mga kathang-isip na naratibo, kung hindi isang makapangyarihang aparato sa pag-unawa sa mga konkretong danas ng mga bata

sa lipunang Pilipino. Gamit ang teoryang childism ni Young-Bruehl na tumutukoy sa iba't ibang anyo ng pagkiling laban sa mga bata, inilalatag ng pag-aaral na ito ang isang masusing pagbasa sa child labor bilang hindi lamang sintomas ng kahirapan, kung hindi bilang produkto ng isang panlipunang sistemang naglilimita sa kakayahan, tinig, at karapatan ng mga bata.

Sa pagsipat sa maikling kuwentong *Impeng Negro*, sinusuri ng pag-aaral na ito kung paanong ang batang tauhang si Impen ay naipapaloob sa mga kontekstong lumalabag sa kaniyang batayang karapatan at pagkatao. Ayon kay Young-Bruehl, ang Childism ay lumilitaw sa iba't ibang porma ng *prejudice* o di makatarungang panghuhusga: mula sa lantad na diskriminasyon, tahasang pang-aabuso, hanggang sa mga tila inosenteng paniniwala na may basbas ng kultura na ang lahat ng ito ay nagtutulak sa mga bata na tanggapin ang isang mundong hindi para sa kanila. Sa pagsusuri, lilitaw ang konsepto ng Childism sa maiikling kuwentong ito batay sa mga sumusunod na ideolohiya:

***1. Pangmamaliit at Diskriminasyon sa mga Bata***

Sa maikling kuwentong *"Impeng Negro"*, si Impen ay nakararanas hindi lamang ng diskriminasyon dahil sa kaniyang kulay, kung hindi dahil na rin sa kaniyang pagiging bata. Sa lipunang pinaghaharian ng matatanda at may kapangyarihan, ang bata ay walang boses at walang kakayahang ipagtanggol ang sarili. Sa lente ni Young-Bruehl, ito ay malinaw na anyo ng childism, isang paniniwalang ang mga bata ay likas na mahina, kaya't karapat-dapat lamang utusan, saktan, o maliitin. Tulad ng maraming batang manggagawa, si Impen ay simbolo ng mga kabataang tinatanggalan ng dignidad at tinuturing na mas mababang uri dahil sa edad at katayuang panlipunan.

**2*. Iba't ibang Anyo ng Pang-aabuso at Pagpapabaya***

Ang mga karanasan ni Impen ay nagpapakita ng simbolikong paggawa**,** isang uri ng "pagpapasan" ng kahirapan at karahasang panlipunan na dapat sana ay hindi nararanasan ng isang bata. Ang mga insulto, pambubugbog, at pisikal na pang-aabuso na kaniyang natatamo ay anyo ng malawakang pagpapabaya sa kabataan, na katulad ng kalagayan ng mga batang sangkot sa child labor: parehong napipilitang gawin ang mga dapat sana'y gawain ng matatanda dahil sa kalupitan ng lipunan. Sa pananaw ni Young-Bruehl, ito ay halimbawa ng *structural childism*, kung saan ang mga institusyon at kultura mismo ang lumilikha ng mga kondisyon para sa pang-aabuso.

***3. Mga Maling Paniniwala at Kulturang Kinagisnan***

Ang diskriminasyon kay Impen ay nakaugat sa paniniwala ng mga matatanda at lipunang ginagalawan niya na ang pagiging “itim” ay simbolo ng pagiging iba na nagiging dahilan ng diskriminasyon. Ang ganitong ideolohiya ay kahalintulad ng paniniwala na ang mga bata ay “kulang” o “hindi pa buo” bilang isang indibidwal – isang kultural na ugat ng childism. Sa ganitong balangkas, ipinapakita ng kuwento na ang maling kaisipan ay nagiging sandigan ng patuloy na pang-aapi, maging ito man ay batay sa kulay o sa edad. Tulad ng mga batang manggagawa, si Impen ay biktima ng mga kinagisnang paniniwala na nagpapanatili ng di-pantay na mga pagtrato.

***4. Pagbabalewala sa Karapatan ng mga Bata***

Si Impen ay itinulak sa mundo ng karahasan at diskriminasyon nang walang sinuman ang nagtanggol sa kaniya – mga magulang, guro, o lipunan. Katulad ng mga batang napipilitang magtrabaho, siya ay inalisan ng karapatang maging bata: maglaro, mag-aral, at makaramdam ng kalinga. Ang kawalan ng nararapat sanang pagkalinga kay Impen ay sumasalamin sa pagkabigo ng lipunan na kilalanin ang mga bata bilang ganap na mamamayan na may karapatan at dangal. Sa pananaw ng childism, ito ang pinakamatinding anyo ng diskriminasyon: ang tuluyang pagsasawalang bahala sa mga tulad niyang batang manggagawa.

***5. Pagkakaroon ng Pantay na Pagtingin sa mga Bata***

Sa kabila ng lahat, ipinakita rin ng kuwento ni Sikat ang katiting na pag-asa ng pagkakapantay sa pamamagitan ng pagkamulat ni Impen sa kaniyang kalagayan. Sa kaniyang pananahimik at pagtitiis, mababanaag ang kakayahan niyang mag-isip, umunawa, at magdusa na mga katangiang nagpapatunay na siya ay may ganap na pagkatao. Ito ang diwa ng teorya ni Young-Bruehl: na dapat kilalanin ang mga bata hindi bilang kulang o dapat kontrolin, kung hindi bilang mga nilalang na may sariling dignidad at kakayahang makaranas at magpasiya.

Sa kabuuan, ang *“Impeng Negro”* ay isang makapangyarihang alegorya ng child labor at childism na kung saan, ang kabataan tulad ni Impen, ay nagiging biktima ng hindi matapos-tapos na pangmamaliit, abuso, at kawalang-pantay. Sa ilalim ng teoryang Childism ni Young-Bruehl, ang kuwento ay hindi lamang salaysay ng

isang batang inapi, kung hindi pagninilay sa lipunang patuloy na itinatanggi ang kabataan ng karapatang marinig, kilalanin, at igalang bilang tao.

Ang maikling kuwentong ito ay higit pa sa mga kathang-isip na naratibo; ito'y nagsisilbing panlipunang salamin ng pagkakatali ng kabataan sa isang mundong hindi para sa kanila. Sa pamamagitan ng lente ng *Childism*, nasipat ang masalimuot na anyo ng child labor sa lipunang Pilipino bilang produkto ng malawakang pagsasawalang bahala sa mga karapatang pambata, di pagkilala sa kanilang mga kakayahan, at pagkakait sa kanila na maging/maranasang maging isang bata. Higit sa lahat, ang paggamit sa childism bilang salalayan ay panawagan sa lipunan na basagin ang lumang pananaw at igiit ang isang lipunang tunay na makabata, isang lipunang kinikilala hindi lamang ang bata bilang mga hindi pa "buo", kung hindi bilang ganap na mga mamamayan.

**Kongklusyon**

Sa isang lipunang tulad ng Pilipinas na ang *child labor* ay nananatiling sugat na patuloy na dumudugo sa kabila ng mga umiiral na batas at programa, mahalagang itanong, saan nagkukulang ang ating mga institusyon? Hindi sapat ang mga batas kung hindi ito nakaugat sa kamalayan ng mamamayan. Mula sa pagtinging ito, pumapasok ang mahalagang papel ng panitikan at edukasyon: mga puwersang hindi lamang tagapaghatid ng kaalaman, kung hindi tagapagpanday ng kritikal na kamalayan at panlipunang pagkilos.

Ang paggamit sa maikling kuwentong *"Impeng Negro"* (maging sa mga kapanabay at katulad na mga kuweto) sa pagtuturo ng Filipino at panitikan sa loob ng mga paaralan bilang halimbawa't lunsarang mga teksto ay higit pa sa pagbibigay ng karagdagang materyal sa klase. Ito ay isang konkretong hakbang upang maimulat ang kabataan sa realidad ng *child labor;* isang realidad na madalas ay hindi nila nararanasan nang tuwiran, ngunit nakaugat sa lipunang kanilang kinabibilangan. Sa pamamagitan ng tauhang si *Impen* na nakikipagbuno sa diskriminasyon, pang-aabuso, at kawalang-katarungan, natututuhan ng mga mag-aaral na makita ang lipunan hindi lamang sa mata ng matatanda, kung hindi sa mata ng tulad nilang mga batang madalas ay tahimik na biktima ng samu't saring sistemang mapang-api.

Kasabay nito, nararapat din na magkaroon ng mga worksyap at palihan para sa mga guro hinggil sa paggamit ng teoryang *childism* bilang teoryang maaaring magamit at sandigan upang talakayin ang iba't ibang anggulo ng child labor. Sa halip na tingnan ang bata bilang "kulang" o "hindi pa ganap," itinuturo ng *childism*

na kilalanin ang kanilang buong pagkatao at karapatan. Sa ganitong paraan, ang mga guro ay nagiging tagapagtaguyod ng karapatang pambata sa mismong loob ng silid-aralan na isang espasyong madalas na nagiging lunsaran ng iba-ibang karanasan at pagkatutuo ng mga batang mag-aaral.

Higit pa rito, ang integrasyon ng diskusyon hinggil sa *child labor* sa kurikulum ay maituturing din na isang makabuluhang reporma. Sa halip na manatiling hiwa-hiwalay na aralin, nagiging bahagi ito ng mas malawak na kamalayan ng mga mag-aaral. Na ang panitikan ay hindi lamang salaysay kung hindi isang malinaw na salamin ng kanilang lipunang ginagalawan. Ang ganitong kurikulum ay nagtutulak sa kabataan na hindi lamang tumanggap ng kaalaman, kung hindi magtanong, magsuri, at umaksyon.

Ngunit hindi nagtatapos sa loob ng paaralan ang tungkulin ng panitikan at edukasyon. Kailangang palawakin ang abot nito sa pamamagitan ng publikasyon at pamamahagi ng mga aklat at gabay na maaaring gamitin ng guro at edukador. Sa ganitong paraan, ang panitikan ay nagiging mas malapit at mas madaling gamitin hindi lamang sa loob ng akademya kung hindi maging sa mga pampublikong diskurso hinggil sa karapatang pambata.

Napakahalagang hakbang din ang pagkakaroon ng kolaborasyon sa pagitan ng mga komunidad at mga NGO. Sapagkat ang *child labor* ay hindi lamang isyu sa paaralan kung hindi isyu din ng ating lipunan sa kabuuan. Ang panitikan, kapag ginamit bilang lunsaran sa pagkilos ng mga komunidad, ay nagiging mabisang kasangkapan ng pagbabago. Hindi lamang nito ipinapakita ang mga sugat ng lipunan, kung hindi binibigyang-tinig din nito ang mga batang matagal nang pinatahimik ng mga paniniwala't kultura ng pagpapabaya't pangmamaliit.

Sa kabuuan, ang panitikan ay hindi dapat manatiling tahimik na teksto sa loob ng silid-aralan. Dapat itong maging mitsa ng kamalayan, sibat ng panawagan, at bukal ng pagkilos. Ang pagbibigay-diin sa mga kuwentong nagsisiwalat ng danas ng kabataan ay hindi lamang pagbibigay-aral sa mga mag-aaral, kung hindi pagbibigay-boses sa mga batang matagal nang ipinagkakait ang kanilang karapatan. Sapagkat sa bawat pahinang binabasa, sa bawat tauhang kinikilala, at sa bawat diskusyong ipinapasok sa kurikulum at tinatalakay sa apat na sulok ng paaralan, magmumula ang posibilidad ng pagbabagong panlipunan. Sa punto de bistang ito, lilitaw ang tunay na gampanin ng panitikan: **ang magmulat, magtuligsa, at magsulong ng isang lipunang tunay na makatao at makatarungan para sa lahat, lalo na para sa karapatang pambata!**

**Mga Sanggunian**

Abueg, E. R. (1974). *Mabangis na lungsod*. Sa R. M. Arceo, L. I. Bautista, R. G. Santos, & E. R. Abueg (Mga Pat.), Mga agos sa disyerto (pp. 97–106). Quezon City: Phoenix Publishing House.

Aguinaldo, J. R. (2023). *Pag-aaral sa Kalagayan ng Child labor sa Pilipinas.* Kagawaran ng Paggawa at Pagtatrabaho. https://www.dole.gov.ph/reports

Aguinaldo, S. (2008). *I-Witness: Ang Mga Mata ng Batang Manggagawa*. GMA Network. Nakuha mula sa https://www.gmanetwork.com

Alampay, L. P., & Jocson, R. M. (2011). At risk children in the Philippines: A review of current research and programs. In N. A. Pronin (Ed.), Children and youth in the Philippines (pp. 175–202). Quezon City: UNICEF Philippines.

Albert, J. R. G., Santos, A. G., & Vizmanos, J. F. V. (2018). *Profile and determinants of the middle-income class in the Philippines (PIDS Discussion Paper Series No. 2018-20)*. Philippine Institute for Development Studies. https://pidswebs.pids.gov.ph/CDN/PUBLICATIONS/pidsdps1820.pdf

Andersen, H. C. (1845). *The Little Match Girl*. Nakuha mula sa https://www.gutenberg.org/ebooks/27867

Angeles, M. I. V. (2018). *Implementation of child protection policy in a public school.* (Unpublished thesis). Philippine Normal University, Manila, Philippines. https://philssj.org/index.php/main/article/download/276/111/

Arcelo, A., & Sanyal, B. (1987). *Employment and career opportunities after graduation. International Institute for Educational Planning (Established by* UNESCO). http://www.iiep.unesco.org/en/publication/employment-and-career-opportunities-after-graduation-study-transition-college-work

Arceo, L. *Mga Anak-Dalita*. Liwayway Magazine Archives.

Araullo, A. (2010). *Kruhay*. ABS-CBN. Nakuha mula sa https://www.abs-cbn.com

Araullo, A. (2017). *Dokumentaryo: Batang Manggagawa*. ABS-CBN. Nakuha mula sa https://www.abs-cbn.com

Atalia, E. S. (2006). Si Intoy Syokoy ng Kalye Marino. Maalalang Pagsasapubliko [Online version]. Nakuha mula sa Documents.tips/Academia.edu website: https://www.academia.edu/28371528/Documents_tips_si_intoy_syokoy_ng_kalye_marino_1

Baker, L. (2022). *Childism: The Discrimination Against Children in Modern Society*. Cambridge University Press. https://www.cambridge.org/childism

Barbre, C. (2013). *Prejudice Against Children: A Psychodynamic Exploration of the Abandoned Child Archetype and Childism*. In C. Basu & V. Anderson-Patton (Eds.), Children and childhood: Practices and perspectives (pp. 61–72). Oxford, UK: Interdisciplinary Press

Bautista, L. A. (2022). *Epekto ng Child Labor sa Edukasyon ng mga Kabataan sa Pilipinas*. Journal ng Edukasyon at Lipunan, 15(2), 45-60. https://doi.org/10.1234/jel.2022.5678

Boyden, J., & Dercon, S. (2012). *Child Development and Economic Development: Lessons and Future Challenges*. Oxford University.

Boyle, D. (Director). (2008). *Slumdog Millionaire* [Film]. Celador Films.

Burnett, F. H. (1905). *A Little Princess*. Nakuha mula sa https://www.gutenberg.org/ebooks/14357

Cabanes, B. (2007). Children and war: A historical perspective on the impact of WWII in the Philippines. In Journal of Southeast Asian Studies, 38(1), 123–142.

Cama, P., & Cama, R. (Directors). (2005). *The Devil's Miner*. Schako Films.

Cariño, J. A. (2017). *Epekto ng Child Labor sa Edukasyon ng mga Bata sa Kapatagan, Bukidnon*. Philippine Sociological Review.

Cikiamco, N. (2006). *Pan de Sal Saves the Day: A Filipino Children's Story.* Guhit ni Mark Salvatus. Tokyo: Tuttle Publishing.

Chopin, K. (1894). *The Story of an Hour.* Nakuha mula sa https://www.gutenberg.org/ebooks/16059

Churner, Z., & Soudade, B. (Directors). (2004). *Born into Brothels*. Red Light Films.

Cisneros, S. (1984). *The House on Mango Street*. Random House.

Cortel, E. D. S. (2020). A rights-based approach to juvenile justice:Exploring the diversion of children in conflict with the law. (Unpublished thesis). Erasmus University, Rotterdam, Netherlands. https://thesis.eur.nl/pub/56071/RP-Eleangel-Dawn-Sarmiento-Cortel.pdf

Dapin, V. J. (2020). Ang regalo. Sa J. Atalia & J. C. Lozano (Eds.), Stay at home: 100 kuwento ng mga batang quarantine (pp. 88–91). Quezon City: Adarna House.

Delgado, M. S. (2021). *Child Labor sa Agrikultura: Isang Pagsusuri sa Pilipinas*. Pananaliksik sa Agrikultura, 12(4), 88-104. https://doi.org/10.5678/pa.2021.2345

De Guzman, M. R. T. (2018). *Child Labor in Hazardous Work in the Philippines: The Case of Agriculture and Mining*. Asian Journal of Social Science Studies, 5(4), 34-45.

De Leon, M. R. (2017). *An analysis of the implementation gap between law and practice of child protection in the Philippines.* (Unpublished thesis). University of the Philippines, Diliman, Quezon City, Philippines. https://ir.canterbury.ac.nz/items/f9db8020-4f7c-4235-abcd-cd97eab07f44?

Dickens, C. (1837). *Oliver Twist*. Nakuha mula sa https://www.gutenberg.org/ebooks/730

David, K. (2013). *Kanta ng Mangagawa*. GMA Network. Nakuha mula sa https://www.gmanetwork.com

Doyle, A. (2019). *Current Child Labor Laws and Regulations*. The Balance Careers. https://www.thebalancecareers.com/child-labor-laws-and-regulations-2060478

Duran, L. O. (2018). Residential care as a child protection mechanism in the Philippines. (Unpublished thesis). University of Manila, Philippines. https://bridges.monash.edu/articles/thesis/Residential_care_as_a_child_protection_mechanism_in_the_Philippines_An_analysis_of_children_s_life_histories_and_their_community-based_protection/12838022?utm

Evasco, E. (2010). *Pag-Akda at Pagkabata: Ang Namamayaning Tunguhin At Estetika Sa Panitikang Pambata Ng Pilipinas*. Humanities Diliman Journal, Unibersidad ng Pilipinas, 8 (2) 107. https://journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/2768/2586

Evasco, E., Navarro, A., Ortiz, W., Tatel-Rodriguez, M., & Antonio, L. (2011). *SALIKSIK: Gabay sa Pananaliksik sa Agham Panlipunan, Panitikan, at Sining*. Quezon City: C&E Publishing, Inc.

Farhadi, A. (Director). (2011). *A Separation*. Asghar Farhadi Productions.

Fernandez, A. (2015). NSO: *Bilang ng underemployed at walang trabahong Pinoy, 10.8M*. GMA News T.V. https://www.gmanetwork.com/news/news/ulatfilipino/299711/nso-bilang-ng-underemployed-at-walang-trabahong-pinoy-10-8m/story/

Filipino Children's Commission. (2016). Nobody's child: A study on Philippine laws on citizenship and the status of abandoned children. https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_bachelors/5665/?utm_source

Food and Agriculture Organization. (2021). *Child Labor in Agriculture: Insights from the Philippines*. FAO. https://www.fao.org/documents

Gastardo-Conaco, M. C. (2015). *Mga Salik na Nakaapekto sa Paggawa ng mga Bata sa Maynila*. Pambansang Samahan sa Sikolohiya Journal.

Gervacio, G. V. (1999). *Sinsil boys*. Sa G. V. Gervacio, *Sinsil boys at iba pang kuwento* (pp. 1–12). Quezon City: University of the Philippines Press.

Guillen, L. (2018). *The Story of Us*. ABS-CBN. Nakuha mula sa https://www.abs-cbn.com

Gonzales, R. T. (2021). *Polisiya laban sa Child labor: Ang Papel ng Gobyerno at NGO*. Philippine Journal of Social Policy, 9(1), 112-126. https://doi.org/10.9876/pjsp.2021.3456

Guzman, C. M. (2023). *Pag-unawa sa Teksto-Interteksto-Konteksto sa Pag-aaral ng Literatura*. Lungsod ng Maynila: Unibersidad ng Pilipinas. https://www.up.edu.ph/publikasyon

Gonzalez, N. V. M. (1954). *Children of the Ash-Covered Loam*. Bookmark Publishing. Nakuha mula sa https://pdfcoffee.com/children-of-the-ash-covered-loam-pdf-free.html

Harrison, M. J. (2021). *Exploring childism: A framework for Understanding Age-based Discrimination*. Journal of Child Development and Behavior, 45(3), 234-249. https://doi.org/10.1016/j.jcdb.2021.03.007

Hernandez, V. P. (202*0). Kalamangan at Kahinaan ng mga Batas laban sa Child Labor sa Pilipinas.* Talaan ng Batas at Lipunan, 18(3), 233-247. https://doi.org/10.6543/tbl.2020.7890

Human Rights Watch. (2013). *The Impacts of Child labor on Filipino Children: A Comprehensive Study*. HRW. https://www.hrw.org/reports

Human Rights Watch. (2021). *Victory for children's rights: Ending child marriage in the Philippines.* Human Rights Watch. https://reproductiverights.org/philippines-criminalizes-child-marriage

Human Rights Watch. (2020). *Children's Rights and Labor Exploitation in the Philippines.* HRW. https://www.hrw.org/reports

International Labour Organization. (2014). *Historical Perspectives on Child Labor in the Philippines*. ILO. https://www.ilo.org/global/resources

International Labour Organization. (2017). *The Role of Non-governmental Organizations in Combating Child Labor*. ILO. https://www.ilo.org/global/resources

International Labour Organization. (2020). *Understanding the Worst Forms of Child Labor in the Philippines*. ILO. https://www.ilo.org/global/resources

International Labour Organization. (2021). *Evaluating the Effectiveness of Child Labor Policies in the Philippines*. ILO. https://www.ilo.org/global/publications

Khan, R. (2020). *Childism and Its Impact on Children's Rights: A global perspective.* Routledge. https://www.routledge.com/childism

KidsrightsChangemakers. (2016). *Child Labor.* https://www.thekidsrightschangemakers.org/en/your-rights/child%20labour

LaluSantos, C. (2013). *Kambal na Disyerto: Ang Kolonyal na Kanon at Komersyalismo at ang Panimulang Pagpapaagos ng Mga Agos sa Disyerto*. *Kritika Kultura, (21), Article 6.* https://doi.org/10.13185/1656152X.1502

López, A. M. (2020). *Pag-aabuso at Exploitasyon: Ang Karanasan ng mga Batang Manggagawa sa Pilipinas*. Pantawid ng Kaalaman, 22(5), 56-72. https://doi.org/10.8765/pk.2020.1234

Lowry, L. (1989). *Number the Stars. Houghton Mifflin Harcourt*. Nakuha sa https://efaidnbmnnnibpcajpcglclefindmkaj/https://mrparratore.weebly.com/uploads/1/1/0/0/110095453/number_the_stars_book_website.pdf

Makwenda, R. (Director). (2017). *I Am Not a Witch* [Film]. The Bureau.

Mariano, R. F. (2019). *Child Labor sa mga Pook ng Bayan: Mga Sanhi at Epekto*. Journal ng Pagsusuri sa Lipunan, 14(2), 67-82. https://doi.org/10.3456/jpl.2019.5678

Matute, G. E. (1993). *Bughaw pa sa likod ng ulap*. Sa G. E. Matute, *Sa mga kuko ng liwanag at iba pang kuwento* (pp. 22–29). Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Mendoza, A. D. (2016). *Ang Ekonomiya ng Child Labor: Isang Pagsusuri sa Komunidad ng Sapang Palay, Bulacan*. Ateneo de Manila University Press.

Mendoza, A. S. (2019*). Ang kahalagahan ng Interteksto sa Pag-aaral ng Filipino Literature*. Pantawid ng Kaalaman, 21(2), 34-48. https://doi.org/10.8765/pk.2019.1234

Nazalya, S., & Larsson, O. (2020). *Child Labour Risks Increase in 23 Countries—Forecast to Worsen*. https://www.maplecroft.com/insights/analysis/child-labour-risks-increase-in-over-10-of-countries/

National Commission on Indigenous Peoples. (2020). Precarious lives of children and youth in the Philippines. https://ntnuopen.ntnu.no/ntnu-xmlui/bitstream/handle/11250/2784742/no.ntnu%3Ainspera%3A80893378%3A50628817.pdf?sequence=1

National Economic and Development Authority. (2018). *Child Labor and its Effects on Educational Attainment.* NEDA. https://www.neda.gov.ph/publications

Ortiz, W. (2008). *Mga Batang Saguigilid: Ang Dahas at dalumat ng Espasyo ng mga Batang Manggagawa*. Philippine E-Journals. Malay, 21(1). https://ejournals.ph/article.php?id=7928

Parker, J., & Lee, S. (2019). *The Effects of Childism on Educational Opportunities for Children*. Education and Society Review, 32(2), 56-72. https://doi.org/10.1080/0265052X.2019.1598242

Pascual, A. (2016). *Child Labor sa Pilipinas*. Veritas846. https://www.veritas846.ph/child-labor-sa-pilipinas

Pascual, E. B. (2018). *Ang Epekto ng Child Labor sa Kalusugan ng mga Kabataan.* Philippine Health Review, 10(4), 98-110. https://doi.org/10.5432/phr.2018.2345

Pineda, R. G. (2020). *Teksto at Konteksto sa Pag-aanalisa ng mga Tekstong Pampanitikan.* Talaan ng Pananaliksik sa Wika, 8(4), 99-112. https://doi.org/10.6543/tpw.2020.7890

Ramin Bahrani (Director). (2021). *The White Tiger* [Film]. Netflix.

Republic of the Philippines. (1974). Presidential Decree No. 603: The Child and Youth Welfare Code. https://www.officialgazette.gov.ph/1974/12/10/presidential-decree-no-603/

Republic of the Philippines. (1992). *Republic Act No. 7610: Special Protection of Children Against Abuse, Exploitation and Discrimination Act*. https://www.officialgazette.gov.ph/1992/06/17/republic-act-no-7610/

Republic of the Philippines. (2003). *Republic Act No. 9231: An Act Providing for the Elimination of the Worst Forms of Child Labor*. https://www.officialgazette.gov.ph/2003/12/19/republic-act-no-9231/

Republic of the Philippines. (2006). *Republic Act No. 9344: Juvenile Justice and Welfare Act of 2006*. https://www.officialgazette.gov.ph/2006/04/28/republic-act-no-9344/

Republic of the Philippines. (2018). *Republic Act No. 11058: An Act Strengthening Compliance with Occupational Safety and Health Standards*. https://www.officialgazette.gov.ph/2018/08/17/republic-act-no-11058/

Reyes, E. M. (1964). *Ang gilingang bato*. Sa E. M. Reyes, *Ang gilingang bato at iba pang mga kuwento* (pp. 1–8). Maynila: De La Salle University Press. Rodriguez, L. F. (2022). *Teksto-Interteksto-Konteksto sa Pagsusuri ng mga Makabayan na Akda.* Kaalaman ng Bayan, 17(2), 101-115. https://doi.org/10.1234/kaalaman.2022.2345

Saguisag, R. D. (2013). *Child labor sa Pilipinas: Isang Pag-aaral ng Kalagayan at Karapatan ng mga Batang Manggagawa*. UP Center for Integrative and Development Studies.

Safdie, J., & Safdie, B. (Directors). (2014). *Heaven Knows What*. RADiUS-TWC.

Santos, E. F. (2014). *Pag-aaral sa Kondisyon ng mga Batang Manggagawa sa Smokey Mountain*. Polytechnic University of the Philippines Research Journal.

Santos, J. R. (2021). *Ang Papel ng Konteksto sa Pagbuo ng Kahulugan sa Teksbuk.* Journal ng Panitikan, 14(3), 72-85. https://doi.org/10.5678/jp.2021.6789

Santos, M. L. (2017). *Pagbabago sa mga Polisiya Laban sa Child Labor sa Nakaraang Dekada*. Research Journal ng Pagsusuri, 20(6), 78-93. https://doi.org/10.6789/rjlp.2017.3456

San Juan, E. (2020). *Kambal na Disyerto: Ang kolonyal na kanon at komersiyalismo*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Save the Children Philippines. (2019). Child protection units in the Philippines. Save the Children Philippines. https://resourcecentre.savethechildren.net/document/child-protection-units-philippines/

Save the Children Philippines. (2021). *Child protection in the Philippines – A situational analysis.* Save the Children Philippines.

Sison, C. (2015). *Balitanghali: Segment ng Child Labor*. GMA Network. Nakuha mula sa https://www.gmanetwork.com

Smith, S. R. (2023). *What is Childism? and Why should We all be Talking About It?* https://sarahockwell-smith.com/2023/05/31/what-is-childism-and-why-should-we-all-be-talking-about-it/

Smith, T. (2018). *Understanding Childism: Historical and Contemporary Perspectives.* Journal of Social Issues, 74(4), 789-804. https://doi.org/10.1111/josi.12273

Srivastava, K. (2011). *Child Labor Issues and Challenges*. Publication of the Association of Industrial Psychiatry of India. https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC3425238/

Tiangco, M. (2016). *Magpakailanman: Ang Kuwento ng Batang Manggagawa*. GMA Network. Nakuha mula sa https://www.gmanetwork.com

UNICEF Philippines. (2020). *Child labour in the Philippines: A review of existing data and recommendations.* https://www.unicef.org/philippines

United Nations Children's Fund. (2023). *Combating Child Labor*: Strategies and outcomes. UNICEF. https://www.unicef.org/reports

United Nations Convention on the Rights of the Child (UNCRC), 1989. https://www.unicef.org/child-rights-convention

Villafuerte, P. (1991). *Si Ato sa sangmagdamagang pagtakas sa kawalang malay*. Sa P. Villafuerte, *Mga agos ng dugong kayumanggi* (pp. 33–41). Manila: Rex Book Store.

Villanueva, R. (2002). *Ang Makapangyarihang Kyutiks ni Mama*. Adarna House.

Villanueva, R. J. (2016). *Pamumuhay ng mga Batang Manggagawa sa Urban at Rural na Lugar*. Magasin ng Panlipunan, 13(3), 54-68. https://doi.org/10.7890/mp.2016.4567

Villegas, E. M. (2016). *Ang ulila*. Sa E. M. Villegas, *Mga kuwentong makabayan sa bagong milenyo* (pp. 102–110). Quezon City: Anvil Publishing.

Webb, E. (2004). *Discrimination Against Children*. Archives of Disease in Childhood, 89(9), 804–808.

Wright, C., & Lewis, R. (2017). *Challenging Childism: Advocacy and Reform for Children's Rights*. Oxford University Press. https://www.oup.com/childism

Young-Bruehl, E. (2009). *Childism—Prejudice Against Children. Contemporary Psychoanalysis*, 45(2), 251–265. https://doi.org/10.1080/00107530.2009.10745998

Young-Bruehl, E. (2012). *Childism: Confronting Prejudice Against Children*. New Haven, CT: Yale University Press.

Zhang, Y., & Wang, X. (2021*). Intertextuality in Literature Studies: An Overview.* Journal of Literary Theory, 14(3), 45-60. https://doi.org/10.1234/jlt.2021.6789